




# PAGGAMIT NG MULCH

## Teknikal na gabay

### Paghahanda ng taniman



Pag-aararo at pagsusuyod (2-3 beses) gamit ang kalabaw o tractor



Ihanda ang nakataas na kamang taniman. Ihalo ang basal na pataba (organic at inorganic)



Diligan nang sapat



Pantayin ang kamang taniman



Tanggalin o durugin ang malalaking tipak ng lupa upang maiwasan ang pagbuo ng mainit na hangin lalo na kung gagamit ng plastic mulch


Maaaring gamitin hanggang 3 beses ang mulch kapag mahusay ang paghahanda ng kamang taniman



# Paglalagay ng plastic mulch



Ilatag ang plastic mulch. Silver sa ibabaw at itim sa ilalim.



- » Banatin sa pamamagitan ng paghila o pagtapak
- » Huwag sobrahan ang paghatak. Siguraduhin na walang namumuong hangin sa ilalim ng plastic
- » Lagyan ng clip gamit ang kawayan o ibang materyales gaya ng rattan, alambre o sanga



Sukatin ang pagitan ng tanim at butasan. Handa na ang kamang taniman sa paglilipat-tanim.





Takpan ng dayami, natuyong damo, lupa o organic na pataba ang palibot ng butas upang maiwasan ang pagtakas ng mainit na hangin na maaaring dahilan ng pagkalanta lalo na sa bagong lipat na punla.



### **Benepisyo:**

- » Proteksyon laban sa ulan
- » Nababawasan ang pagkadasik ng lupa
- » Napapanatili ang soil moisture
- » Nababawasan ang water logging
- » Nababawasan ang pagtakas ng sustansiya
- » Nababawasan ang erosion
- » Napipigilan ang pagtubo ng damo
- » Nababawasan ang mga pesteng insekto
- » Nagpapabuti sa paglago ng tanim
- » Maaaring gamitin nang 3 beses

### **Posibleng sagabal:**

- » Mataas na paunang gastos
- » Maaaring makaengganyo ng pesteng amag o bakteryang dahil sa pagtaas ng temperatura sa lupa
- » Environmental issues (tamang paraan ng pagtatapon)



# Alternatibo: Paggamit ng dayami bilang mulch



**Maglagay ng 4 pulgadang kapal ng dayami sa naihanda at nadiligan na kamang taniman**



**Gumawa ng butas para sa punla**



## **Benepisyo:**

- » Napapanatili ang temperatura ng lupa
- » Napapanatili ang soil moisture
- » Naiiwasan ang pinsala ng ulan
- » Nababawasan ang pagtakas ng sustansiya
- » Nababawasan ang damo
- » Nababawasan ang estruktura ng lupa
- » Nababawasan ang pagkadasik ng lupa
- » Nagpapabuti sa paglago ng tanim
- » Naiiwasan ang direktang pagdikit ng bunga sa lupa



## **Posibleng sagabal:**

- » Kapag mataas ang halumigmig, maaaring mabulok ang tangkay ng tanim na malapit sa basang dayami
- » Maaaring puntahan ng daga at manok
- » Maaaring panirahan ng insekto at sakit

<http://www.eastwestseed-kt.com/>

*This technical guide is part of a series produced by EWSF.*

*©2017 Copyright of East-West Seed Foundation. All Rights Reserved*

*Agrochemical recommendations have been developed in cooperation with Wageningen University & Research*



**WAGENINGEN**  
UNIVERSITY & RESEARCH